# 1

Naglakad si Lauren sa direksyon ng makisig na lalaking nag-iisa na nakatalikod sa bar. Nakapatong ang dalawang siko nito sa mahabang bar na nasa kaliwang gilid ng pool, at bakas sa guwapong mukha ang pagkainip.

Kasalukuyang ipinagdiriwang ang sixtieth birthday ng daddy niya sa malawak nilang hardin. Mayroong hindi bababa sa limampu katao ang dumalo, pawang mga kaibigan at dating mga katrabaho ng ama ang mga bisita.

"Hi, I'm Lauren. I'm afraid we haven't been introduced," nakangiting pakilala niya sa bisita. "It seems you're not enjoying the party. Is there anything I can do to change that?"

Matagal nang pinagmamasdan ni Conner ang dalaga bago pa ito lumapit sa kanya. Isang midnight blue halter cocktail dress ang suot nito. Her hair was in an elegant chignon emphasizing her long and graceful neck. She played the part of a hostess perfectly while she went from table to table checking in on her guests.

Hindi nagkamali si Conner. Ngayong kaharap

na niya ito ay lalong lumaki ang atraksyong nararamdaman niya para sa dalaga. Sa edad na thirty-one, ngayon lang siya humanga nang ganito sa isang babae.

Napakakinis ng mala-porselanang kutis nito, makitid ang noo at perpekto ang pagkakaarko ng kilay habang ang mga pilikmata nito ay mahahaba at makakapal. Maliit subalit matangos ang ilong nito at pronounced ang panga. Nahirapan siyang alisin ang mga mata niya sa mga labi nitong nakaeengganyong halikan. Ilang segundo ang lumipas bago pa niya nagawang kumilos para tanggapin ang nakalahad na kamay nito. He brought the back of her hand to his lips.

"Nagawa mo na, by just being here," simpleng tugon ng lalaki.

Saglit na natigilan si Lauren sa ginawa nito, pinagmasdan niya ang anyo ng kaharap. The man was very good-looking, he actually reminded her of Dermot Mulroney, ang bida sa pelikulang *The Wedding Date*. He had thick black hair parted on one side, his eyebrows over his raven black eyes were naturally groomed. Pahaba ang hugis ng mukha nito, aristocratic ang ilong, his thin lips were sensually molded.

Pagkatapos halikan ng binata ang kamay niya at hindi pa rin nito binibitiwan iyon, magalang niyang binawi iyon mula sa pagkakahawak nito.

Hindi nakalampas sa kanya ang nais palabasin ng binata sa tinuran nito, nablangko ang isip niya sa dapat itugon dito.

"I'm Conner de Silva. Your father works for me. I have to commend you for making this party enjoyable for those oldies over there." Ikinumpas nito ang kamay sa direksyon ng mga bisita.

She chuckled. "Don't worry, Mr. de Silva, sa sixtieth birthday mo, tutulungan kitang mag-entertain para siguruhing 'yung mga 'oldies' guests mo are having the time of their lives."

He gave her a disarming smile. "'Mr. de Silva' makes me sound so old, 'Conner' na lang. Mukha bang malapit na akong mag-celebrate ng sixtieth birthday?" kunwari ay na-offend na tanong niya.

Natawa ang dalaga at nagustuhan ni Conner ang himig niyon.

"My, my. Aren't we too sensitive about our age, eh?"

"How old are you anyway?" nakangiti pa rin na usisa niya.

She planted her hands on her hips. “Mr. de Silva!”

“It’s Conner.”

“Fine, Conner. Hasn’t anyone ever told you that it’s rude to ask a lady her age?” Nakataas ang isang kilay nito.  “But since I’m not insecure about my age, unlike some people I know…” Tinapunan siya nito ng makahulugang tingin bago nagpatuloy, “I’ll answer your question. I’m twenty-two.”

Alam ng binata na mas bata sa kanya ang kausap, hindi niya lang akalaing ganoon pala kalaki ang agwat ng edad nila. She was acting mature for her age and she carried herself with poise and sophistication. Iyon marahil ang dahilan kaya hindi niya na-realize ang kabataan nito sa kanya.

Pinagkatitigan niya ang magandang mukha ni Lauren. Nakita niyang kumunot ang kanina lang ay makinis na noo ng dalaga.

“Now you make me feel uncomfortable with that bewildered look on your face. Mukha bang nagsisinungaling ako about my age? Do I look a lot older?” tanong nito.

“No. It’s just that you made me feel like a dirty old man,” iiling-iling na sagot niya.

"Excuse me?" She shot him an indignant look.

"Here I was, desiring you since I first saw you three hours ago. Iyon pala, you were still on your diapers when I lost my virginity."

Napasinghap ang babae dahil sa sinabi niya, namilog din ang mga mata nito. She momentarily lost her composure but before she spoke she had managed to paste a formal expression on her face.

*How obscene!* "Mr. de Silva, hindi ko gusto ang direksyon ng sinasabi mo. Excuse me, I have other guests to look after."

Hindi na hinintay ng dalaga ang tugon niya, tinalikuran na siya nito. But before she could take a step, he gently tugged at her wrist.

"I'm sorry, that was very impolite. I meant to flatter not to offend."

Muli siyang hinarap ng dalaga; sinulyapan ang kamay niya na nakahawak pa rin sa pupulsuhan nito. Agad naman niyang binitiwan iyon. Bakas sa mukha niya ang pagsisisi at nasa mga mata niya ang pakiusap dito na manatili ito sa company niya.

A reluctant smile tugged at her lips. "Okay, kakalimutan ko iyong mga sinabi mo. Will you promise to behave?"

He gave her his most charming smile in return. “Promise,” aniya, while drawing an imaginary cross over his heart.

Nakahinga si Conner nang maluwag nang muling nanumbalik ang ngiti sa mga labi ng dalaga, he wanted to spend more time alone with her.

“I saw the piano in your living room. To show you just how sorry I am, I’ll play something for you. Kahit anong piece na gusto mo.”

Nangislap ang mga mata ng babae at lalong lumapad ang ngiti nito na animo naaaliw sa kanya.

“Are you any good?” tukso ni Lauren.

“You have no idea what I can do with these hands,” aniya, habang pinagkikiskis ang mga palad.

Matalim ang tingin na ipinukol sa kanya ni Lauren na tinugon naman niya ng inosenteng tingin.

“What? Miss Castillejos, hindi ko gusto ang tingin mo sa akin. I am merely telling you how skillful my hands are at playing the piano!”

Bagaman pareho nilang alam na may ibang nais ipakahulugan ang sinabi ng binata ay hindi makuha ni Lauren na mainis muli rito. “You’re something else, Mr. Conner de Silva.”

"That's what all the women tell me after spending...."

Umarte ang binata na isini-zip ang bibig nito nang umiling siya habang tila gurong istrikto ang expression sa mukha.

Mula sa French sliding glass doors sa likod ng bahay ay pumasok sila sa kabahayan at tinaluytoy ang marmol na hallway patungo sa isang malaking sala.

Agad tinungo ng lalaki ang piano sa isang sulok ng sala at naupo sa piano bench. Nanatili siyang nakatayo sa likuran ni Conner. Tinapik nito ang bakanteng espasyo sa tabi, inaanyayahan siyang maupo sa tabi nito.

"I won't bite you," biro nito nang hindi pa rin gumalaw sa kinatatayuan niya si Lauren.

Dadalawa lamang sila roon nang mga sandaling iyon.

*Don't be silly, he wouldn't lay a finger on you.*

Matapos ang ilang segundong pag-aalinlangan, naupo rin siya sa tabi nito.

"What do you want me to play for you?" tanong ni Conner.

She shrugged. “Any piece you’re very good at.”

“I’m good at everything I do. Make this easier for me, will you? Just think of a specific piece, be it Beethoven, Tchaikovsky, Mozart or Chopin.”

Natawa si Lauren. “Obviously, hindi kasama ang modesty sa forte mo.”

A disarming smile flashed across his handsome face. “Maybe not, but I’m good at being honest.”

Nagsimula itong tumugtog. Pamilyar sa dalaga ang kantang iyon. Kung hindi siya nagkakamali, kanta iyon na na-remake ni Michael Bublé. *The Way You Look Tonight* ang pamagat niyon.

He was every bit as good as he claimed to be. She watched his skillful fingers dancing along the keys of the piano.

He had such long and slender fingers, and Lauren wondered kung ano ang pakiramdam ng mga iyon sa balat niya. Would it be as light and gentle as it seemed to be?

*“You have no idea what I can do with these hands,”* naalala niyang sinabi nito kanina.

Naramdaman niyang nag-init ang mukha niya sa pagkapahiya sa sarili sa itinatakbo ng isip niya.

Hinarap siya ng binata nang matapos itong tumugtog, nakataas ang isang kilay nito. “Well? Was I lying about how good these hands are?” tanong nito.

Their closeness did strange things to her, the way his dark eyes were looking intently at her did not help at all. Her heartbeat became erratic, at parang nahihirapan siyang magsalita.

“As much as I hate to admit it, you weren’t lying at all,” nagawa niyang sabihin.

The faint fresh scent of her perfume wreaked havoc on his brain cells. The proximity of her upturned face and luscious lips broke his restraint. His left hand caught her neck while the other crept on her bare back and pulled her toward him as he let himself feel the softness of her lips.

Nagbuka ng bibig ang dalaga para tumutol. Ginamit naman niya ang pagkakataong iyon para halikan ito nang malalim. His tongue sought hers and teased it relentlessly until he got a response from her.

Hindi na naisatinig ni Lauren ang pagtutol. Sa halip ay maalab nitong tinugon ang halik niya. Inilapat nito ang mga palad sa dibdib niya.

Conner was surprised at how his body reacted to the response he was getting from the passionate creature in his arms. Ibinaon niya ang mga daliri sa buhok nito at inilugay iyon. Damang-dama niya ang malalambot na hibla niyon.

Nagulat si Lauren sa malakas na palakpakang narinig niya mula sa hardin sa likod-bahay. Bumalik ang katinuan niya at itinulak si Conner. Dali-dali siyang tumayo at lumayo rito.

Hiyang-hiya siya sa sarili dahil sa nagawa. What had she done? Ikakasal na siya sa nobyo niyang si Jeffrey!

"Nakalimutan kong banggitin. What we just did, is one of the things I'm good at," ngingisi-ngising sabi ni Conner.

Wala itong ideya na nawala na ang fiery woman na kahalikan nito kanina, at ang pumalit ay isang babaeng nagigi-guilty at hindi mapatawad ang sarili dahil nagawang magtaksil sa fiancé na kasalukuyang nasa Baguio para sa isang business conference.

"I can't believe you did that!" galit na asik ng dalaga. "Dapat siguro umalis ka na, Mr. de Silva."

His eyebrows shot up. "Don't play hard to get, Lauren. You enjoyed that kiss as much as I did. You

were very responsive."

"I want you to leave!" Parang walang narinig na itinuturo niya ang pinto.

Sa kabila ng pagtataboy sa kanya ng dalaga ay lalo pang sumidhi ang pagkagusto ni Conner dito. He wanted something more from her.

Sa buong buhay niya, hindi pa siya naapektuhan ng ganoon ng isang babae. Naiintriga siya rito at nais niyang kilalanin pa ito nang lubusan. Hindi niya papayagan ang sarili na balewalain na lang basta ang attraction o desire niya para rito.

A smile tugged at the corners of his mouth.

"Lauren, halika dito. It's okay, pareho tayo ng nararamdaman. I was as affected as you were by that kiss," alo niya. Humakbang siya papalapit dito.

Paatras nang paatras ang dalaga habang papalapit siya rito. Nasukol niya ito nang bumangga ito sa sofa na pang-isahan. Hinawakan niya ito sa magkabilang braso.

"What's wrong?" tanong ni Conner nang makita ang magkahalong takot at galit sa mukha ng dalaga.

"What's wrong is the way you're acting. I specifically asked you to leave! You shouldn't have

kissed me!"

"Then you shouldn't have responded like you wanted to get laid!" ganting asik ng lalaki.

Isang sampal ang dumapo sa kanang bahagi ng mukha niya.

Kitang-kita ni Lauren ang pagngangalit ng mga bagang ng binata.

"I… I'm sorry," natauhang aniya. "Look, Conner, I have a boyfriend and... and malapit na kaming ikasal. Whatever impression you have of me is wrong."

Wala na ang galit sa tinig niya. Sa halip, hindi niya makuhang tingnan ang lalaking kaharap. Alam niya na may katotohanan ang sinabi nito sa kanya.

She was attracted to him—very much. But it was not supposed to be. Engaged na siya sa iba.

Huminga nang malalim si Conner nang ilang beses, pilit na pinapakalma ang sarili. He surprised himself by admitting that what he said to her was a cheap shot at marahil, deserved niya ang inabot na sampal.

Hinawakan niya ang baba ni Lauren at itinaas ito; pinilit ang dalaga na tingnan siya sa mga mata.

"That was uncalled for, Lauren. I'm the one who should be sorry," sinserong ani Conner. "Gusto kita at alam ko, the feeling is mutual. I just want a chance to spend some time with you." Umiling siya para pigilin ang tangkang pagtutol ni Lauren. "You only need to be honest with yourself and admit how you really feel about me," dugtong niya.

Hinawakan ni Lauren ang kamay niya at mahinahong sinabi, "Conner, I know what I want. I want to have a peaceful life with Jeffrey. Nothing could ever change that… no matter how magical the kiss we shared had been."

Dumilim ang mukha ng binata, galit na tinabig ang kamay niya.

"Is this how you want to play this game, Lauren? I have always gotten what I wanted. You will be mine, Lauren, no matter what it takes. You can count on that!" Walang sabi-sabing iniwan siya nito at malalaki ang hakbang na naglakad patungo sa main door.

The tone and finality of what Conner said made her shudder.

# 2

Mula sa report ng private investigator na binayaran niya para makakuha ng impormasyon sa babaeng naging laman ng isip niya nitong nakaraang anim na buwan, ay napag-alaman niya na nagsasabi nga ito ng totoo. Nakatakda na nga ang kasal ni Lauren Castillejos sa tatlong taon na nitong nobyo.

Kung hindi ito abala sa dalawang branches ng laundry shop at secondhand bookstore na itinayo nito pagkatapos magtapos ng kolehiyo ay nagpupunta ito sa *SM* para mag-ice skate. Mahilig itong magbasa habang nakikinig ng jazz music. Tuwing Biyernes ng gabi ay sinusundo ito ng nobyo para mag-dinner at kalimitan ay nanonood ng sine sa *Eastwood* o kung hindi naman ay sa *Gateway*.

Pinagmasdan ni Conner ang litrato ng dalaga na kuha habang nakikinig ito ng mp3 mula sa *iPod* at abala sa pagsusulat. Isang maliit na calculator ang makikita sa tabi ng braso nito. Nasa sarili nitong laundry shop ang babae noon sa Governor Forbes sa tapat ng *UST*.

Kahit na litrato lang iyon ay ganoon pa rin ang epekto ng mukha nito sa kanya. He traced the outline

of her lips with his fingertip and smiled to himself.

*I waited so long for you. We'll be together very soon. I promise I won't cheat on you the way this bastard did.*

Nagtiim ang bagang niya nang muli niyang makita ang larawan ng lalaking pakakasalan ng dalaga na may kahalikang ibang babae. Ayon sa imbestigador ay dalawang buwan nang karelasyon ng Jeffrey na iyon ang babaeng kasama nito sa litrato.

Matiyaga siyang naghintay ng ilang buwan para paghandaan ang muli nilang pagkikita ni Lauren. Sa kabila noon ay hindi pa rin niya alam kung anong approach ang gagawin niya rito. Wala siya ni katiting na duda na kung pagbibigyan lamang siya nito, kalaunan ay mahuhulog din ang loob nito sa kanya.

Tumunog ang telepono sa tabi niya. Pinindot niya ang speaker phone at narinig mula roon ang tinig ng secretary niya.

"Sir, si Mr. Amarillas po sa line one."

"O, Justin, nakipag-negotiate ka na ba sa may-ari ng building?" tanong niya sa kaibigan na siyang head ng legal department at siya ring ginawa niyang

in-charge sa acquisition ng mga properties na tiyak siya na magiging magandang investment.

Ayon sa kaibigan ay papayag ang may-ari ng building na ibenta iyon sa mas mababang halaga kung agad na maiaayos ang transaction.

Tinawagan niya agad si Lorenzo Castillejos para sabihin dito na ihanda ang perang gagamitin pambayad sa commercial building na napag-usapan nila ni Justin.

NAKITA ni Lauren na nakaparada sa garahe nila ang isang hindi pamilyar na itim na *Porsche Boxster*.

Ayon sa kasambahay, may panauhin ang ama niya at kasalukuyang nasa study ang mga ito.

Patungo na siya sa dining room at wala siyang balak gambalain ang ama. Ngunit nang mapadaan siya sa tapat ng pinto ng study ay narinig niya ang sigaw na alam niyang hindi tinig ng daddy niya.

"Let me get this straight! You invested my fifteen million on some scam at ngayon, ni cinco ay wala na akong mahahabol? How could you have been so stupid?" galit na galit na sabi ni Conner na nalimutan na sa laki ng agwat ng edad nila ay maaari na niyang

maging ama ang kausap.

Hindi matatawaran ang husay ni Lorenzo sa pagbibigay ng payo kung saan dapat i-invest ang pera para lalo itong lumago, kaya naman nang yumao ang ama ni Conner na malapit na kaibigan ng ginoo ay hindi nagdalawang-isip ang binata na i-retain ito bilang siyang namamahala ng finances niya at ng kompanya.

Hindi naagapan ni Lorenzo ang pagbaba ng value ng isang uri ng trust fund ng bangko. Mas malaki ang interes roon, pero kalakip niyon ang risk na bumaba ang value nito at pati ang principal ay mabawasan. Nang muli itong mag-monitor ay saka lang nito nalaman na bumaba pala nang husto ang value niyon at nawala ang dalawang milyong kinita na sana at nabawasan din ang principal mismo. Minabuti nitong i-withdraw ang pera at i-invest ito sa isang developer na nangakong magbibigay ng interes na ten percent per month, kung magkagayon ay mababawi nito ang nawala kay Conner sa loob lang ng anim na buwan. Sa kasamaang palad, isa lang pala iyong scam.

Sa narinig ay hindi napigilan ni Lauren ang pumasok sa silid nang walang pahintulot. Napasinghap siya nang makilala kung sino ang

kausap ng ama.

Her eyes flaring with anger, she faced the rude man who had the nerve to shout at his father as though he were an imbecile.

“Mr. de Silva, my father may be on your payroll but you don’t have the right to treat him like this!”

“Anak, please. Stay out of this,” ani Lorenzo. “May karapatan siyang magalit sa akin. Hindi ko ginawa nang maayos ang trabaho ko. Milyon ang nawala kay Conner dahil sa kapabayaan ko.”

Sa halip naman na magalit si Conner sa dalagang biglang dumating ay mabilis na umandar ang utak nito. Ipinukol nito ang mga mata sa matandang kausap. “Kakalimutan ko ang kapalpakan mong ito sa isang kondisyon.”

Tumango agad ang matanda. “Kahit ano, Conner, sabihin mo lang. Ililipat ko na sa pangalan mo ang mga investments ko bilang kabayaran sa mga nawala sa iyo at kung hindi sapat iyon, kahit ang ibang properties ko ay ibibigay ko sa iyo.”

Sa kalmadong boses sinabi nito ang nais mangyari. “Your daughter will have to marry me.”

“Are you out of your mind?” nagpupuyos ang

kaloobang anas ni Lauren. "You bastard! I told you I'm getting married!"

"Conner, please be reasonable. You could take everything I possess for all I care, but please don't force my daughter to marry you," sumamo ng kanyang ama.

"You may be able to pay me some other way, pero tandaan mo na iniligay mo sa pangalan mo ang huling investment na ginawa mo. Ano nga ang tawag doon?" Kunwari ay saglit na nag-isip ito. "Embezzlement!"

Bumakas ang takot sa mukha ng ginoo. "Conner, alam mo na wala akong intensyon na angkinin ang perang iyon! Ginawa ko lamang iyon para mas madali kong makuha ang pera kung tingin ko ay hindi na ito kikita. Nagkamali ako sa trust fund at alam kong ikagagalit mo iyon kaya hindi ko na ipinaalam sa iyo nang ilipat ko ang pera sa isang investment sa pag-aakalang mababawi ko ang nawala sa principal mo.

"Alam mo na hindi ko gawaing mangamkam ng pag-aari ng iba! Alam ng papa mo 'yan. Kung hindi lang nagtalbugan ang post-dated checks na in-issue ng developer na iyon at hindi ako naloko, ibabalik kong muli sa bangko ang pera mo sa ilalim ng pangalan mo," mariing pagpapaliwanag nito.

Pumalatak ang binata. "You lost your touch. Ten percent per month! Paano mong hindi nakita na it was too good to be true? Oo, alam ko na wala kang planong angkinin iyon, pero patunayan mo iyan sa korte," desididong sabi nito.

"You will have your daughter marry me or I'll see to it that you rot in jail," dugtong nito, in a bored tone as though he was just deciding what to have for dinner.

"Conner, ni hindi mo kilala ang anak ko. Bakit mo ba siya gustong pakasalan? Maraming babae ang nagkakandarapa sa iyo. Walang kinalaman si Lauren dito, kung gusto mo akong pahirapan, hindi na siya dapat pang madamay dito."

"Ano ba! Nandito rin ako!" tumitili nang singhal ni Lauren.

Sabay na napalingon sa kanya ang dalawang lalaki.

Nagmamakaawa na ang tono ng boses niya nang muli siyang magsalita. "Conner, why are you doing this? Gusto mo bang patunayan na totoo ang sinabi mo noon? That you always get what you want? Hindi ako isang bagay, Conner, I have feelings, too. I'll be married in four months, Jeffrey and I love each

other. You can't possibly want a loveless marriage with me. Kung ipipilit mo ang gusto mo, gagawin mo lang impyerno ang buhay natin pare-pareho."

That instant, he would have let her go and forget the idea of forcing her to marry him. Ngunit alam na niyang ang lalaking ipinaglalaban nito ay isang world-class sleazeball. Hindi niya puwedeng hayaang patuloy na lokohin ang dalaga ng nobyo nito.

He used to scoff at the idea of love at first sight. Sa katunayan, noong una ay nakumbinsi niya ang sarili na ang nararamdaman niya para kay Lauren ay dala lang ng init ng katawan. Lust and nothing more.

Ngunit sa anim na buwan na pagmamatyag niya rito, natanggap na niya sa sarili na ang naramdaman niya sa una nilang pagkikita ay ang pagkilala ng puso niya sa babaeng subconsciously ay hinahanap niya para punuan ang kakulangan sa buhay niya.

That realization had not been easy on his part, considering that he used to treat women with nothing more than mild amusement. He had never felt so strongly about a woman until Lauren came along.

Sa kabila ng nararamdaman para sa dalaga ay hindi iyon mahahalata sa pakikiharap niya rito ngayon.

"You don't know me, Lauren," aniya. "Kaya huwag kang mag-assume kung ano ang gusto ko out of marriage. I have made up my mind. Either you marry me or I'll spend every cent I have to make sure your father goes to jail." Judging from the arrogant jut of his jaw and the way his dark eyes looked piercingly at her, tila nasa intensyon talaga nitong gawin ang bantang iyon.

"You can't coerce me into marrying you! I could easily have our marriage annulled!" asik ng babae.

"Annulment? True. You can try that but that will take a long time. By then baka nasa kulungan na ang daddy mo. Would you like that, Lauren?"

Hindi siya sumagot.

"I'm not a bad person, Lauren. I just happen to know what I want and not getting it is not an option. But I'd still like to leave the decision to you. Think about it. Tawagan mo ako bukas at sabihin mo sa akin kung dapat ko na bang subukin ang galing ng mga abogado na binabayaran ko buwan-buwan at naghihintay lang ng go signal kung kailan ko sila

kakailanganin.”

Parusa siguro iyon sa pagpayag ni Lauren na magpahalik dito noong gabing iyon. Ang masama pa ay nagustuhan niya iyon at ilang gabi siyang hindi pinatulog ng pag-iisip sa binata, sa kabila ng sinabi niya ritong ikakasal na siya. Yes, she was attracted to him. And it confused her kaya niya ito tinanggihan.

Pero ngayon, ang nararamdaman niya sa lalaking ito ay purong galit.

Sa gulat ng dalawang lalaki ay pinagsusuntok niya ang dibdib ni Conner at akmang sasampalin niya ito nang hawakan ng binata ang mga kamay niya.

“I hate you! How can you tell me you’re leaving the decision to me when you know very well you’ve given me no choice!” she hissed. “Maaaring napilit mo nga akong pakasal sa ’yo, pero I’m telling you this, Conner de Silva. I will make it my job to make you regret every single day of your life that you forced me to marry you, until you yourself will be filing for an annulment!” humihingal na singhal niya.

Nakita niya sa nagniningas na mga mata ng binata ang galit sa mga sinabi niya. Binitiwan ni Conner ang dalawang kamay ng dalaga na para

bang ahas ang mga ito. Sa nanunuyang tono ay sinabi nito, “Bring it on!”

Natakot si Lorenzo para sa kapakanan ng anak nang makita ang poot sa mukha ng binata. Inakala nitong sasaktan ng amo ang dalaga. Hindi nito maunawaan kung bakit nagkaganoon ang anak ng matalik na kaibigan—bakit ipinipilit nito ang sarili sa babaeng ayaw rito, gayong alam ng matanda na maraming nais na magpakasal dito; ang iba pa nga ay higit pa ang katayuan sa kanila.

“You are nothing but a selfish monster who insists on getting his way without caring who you’ll be hurting in the process. If I were given a choice, I’d rather die than have you for a husband! Pero dahil kapakanan ng daddy ko ang iniisip ko, I’ll try to swallow the bile that I’m sure will be forcing its way out when I’d have to take the despicable person that you are for my husband!”

May hinanakit na dumaan sa mga mata ng lalaki pagkasabi niyon ni Lauren, pero mabilis na nawala iyon. Hindi nito ipakikita ang kahinaang iyon sa dalaga.

Parang hinagupit ito nang makailang ulit sa narinig. Bakit nga ba ito nagpapakaloko sa isang babae na kung may hawak lang sigurong patalim ay

malamang itinusok na iyon sa dibdib ni Conner?

Sa kabila ng pagtutol ng ama ng dalaga ay buo na ang pasya ni Lauren na sumunod sa kagustuhan ng binata.

Nakaalis na ang lalaki ngunit naiwan pa rin sa study ang mag-ama. Hinagod ni Lorenzo ang likod ng dalaga na walang humpay sa pag-iyak.

"Anak, hindi mo kailangang gawin ito," anang ginoo.

Sumisinghut-singhot na tiningala ni Lauren ang ama. "Dad, matagal ka nang nagtatrabaho para sa halimaw na iyon. Hindi mo pa ba alam kung ano ang kaya niyang gawin? Nakita mo naman na desidido siyang masunod ang gusto niya kahit ano'ng gawin kong pang-iinsulto."

Nag-isip nang malalim ang matanda. "Iyon nga ang pinagtataka ko dahil alam kong mabait na bata si Conner."

Humugot ng malalim na hininga si Lauren. "It doesn't matter, Dad. Kahit ano pa ang pagkakakilala mo sa kanya, hindi na mababago noon ang napakababang tingin ko sa kanya. Mark my word, pagsisisihan niya ang ginawa niya sa atin."

# 3

Napailing si Conner nang makita ang parang dumaan sa shredder na mga bulaklak. Ipinabalik iyon sa kanya ng dalaga.

*Kung inaakala mo na kakalimutan ko na ang pagpapakasal natin just because of some childish acts from you, you're in for a surprise, my dear.* Hindi umuurong si Conner sa kahit na anong pagsubok—sa buhay man niya o sa negosyo.

Kahit gaano kahirap makamit ang isang bagay ay pinag-aaralan niyang maigi ang istratehiyang naaangkop at hindi niya titigilan iyon hangga't hindi nalulutas ang problema o hindi nakakamit ang mithiin.

At lalong hindi siya basta susuko kung ang babaeng gusto niya ang at stake.

"Ate, and'yan po ang boyfriend n'yo sa ibaba, pinapatawag po kayo," sabi ni Clara, ang labinwalong taong gulang na kasambahay nina Lauren nang kumatok ito sa silid niya.

"Nand'yan si Jeffrey?" gulat na tanong ng dalaga. Ang paalam nito ay hanggang sa susunod

na araw pa ito mananatili sa Baguio.

"Hindi, Ate. 'Yung mas guwapong boyfriend n'yo po ang nandiyan. 'Yung matangkad."

Agad na kumulo ang dugo ni Lauren.

Sa ikatlong pagkakataon noong linggong sumunod matapos ang pagpayag niya na pakasal kay Conner ay muli siyang nakatanggap ng paborito niyang tulips mula sa binata. Kung kay Jeffrey nanggaling ang mga bulaklak na iyon ay siguradong nagbubuhol na ang ngiti sa mga labi niya. Pero dahil sa lalaking buwisit iyon nagmula, pinabalik niya ang mga iyon matapos tapak-tapakan.

Napagbuntunan niya ng inis ang kasambahay. "Clara, ilang ulit ko bang sasabihin sa 'yo na hindi ko boyfriend ang damuhong iyon!" Parang batang naipadyak niya sa inis ang paa.

"Eh, Ate, kung hindi n'yo po boyfriend, eh, bakit sinabi ng daddy ninyo sa akin ay ayusin ko na raw ang mga gamit n'yo dahil pagkatapos daw po ng kasal n'yo tatlong linggo mula ngayon, doon na raw kayo titira sa bahay ni Sir Pogi? Sa totoo nga lang, Ate, nalito ako kasi akala ko talaga si Sir Jeffrey ang boyfriend ninyo, eh."

*Kung hindi ka naman talaga magpipigil. Adding*

*insult to injury pa ito, eh.*

"Clara, kung ayaw mong pauwiin kita sa probinsya nang wala sa oras, itago mo na lang sa sarili mo ang mga iniisip mo, okay? Sabihin mo sa halimaw na iyon na tulog na 'ko… o kaya may LBM, kaya hindi ako makalabas ng banyo. Kahit na ano, bahala ka na!"

Bubulong-bulong na tumalikod ang kasambahay. "'Eto namang si Ate, si Sir na 'ata ang pinakaguwapong halimaw na nakita ko sa balat ng lupa."

"Ano'ng sinabi mo?" iritadong untag ni Lauren.

"Wala, Ate. Sabi ko po, sige, sasabihin ko sa poging halimaw ang mga ipinasasabi n'yo."

NANLUMO SI CONNER nang makita na ang bumababa sa hagdanan ay ang kasambahay na siya ring nagbukas sa kanya ng pinto kanina pagdating niya.

"Sir, hindi po kayo puwedeng harapin ni Ate, may *LBC* daw po siya," paliwanag nito nang makalapit sa kanya.

Saglit na natigilan ang binata, pilit na iniintindi ang sinabi ng kaharap. Pigil niya ang iritasyon sa

tinig nang magsalita siya. Wala namang kasalanan ang pobreng kasambahay.

"*LBC*? Ano naman ang koneksyon ng package mula sa *LBC* sa pakikiharap niya sa akin? Gaano ba kaimportante ang package na iyon at hindi niya puwedeng ipagpaliban ang pagbubukas niyon?"

Sa ganoong tagpo inabutan ni Lorenzo ang magiging manugang at ang kasambahay. Galing ito sa labas ng bahay. Sa kabila ng pagtutol sa napipintong kasal ng anak sa lalaki ay maayos pa rin kung pakiharapan nito ang binata. Buo pa rin kasi ang paniniwala nito na hindi ito masamang tao kahit pa sabihing ipinipilit nito ang sarili sa kanyang nag-iisang anak.

"Sir, wala naman po akong sinabing package. Ang sinabi ko may *LBC* si Ate, hindi raw siya makalabas ng banyo," paglilinaw ng dalagita na para bang naiinis dahil mahinang umintindi ang kausap.

Natawa nang malakas ang ama ng dalaga, ngunit nang makitang dumilim ang anyo ng binata ay napigilan agad niya ang sarili.

"Er, Conner, pasensya ka na. Baka nasira ang tiyan ni Lauren. Dangan kasi ang batang iyan ang hilig kumain ng street food lalo na kapag naroon

siya sa branch niya sa España. Naghapunan ka na ba?”

Umiling ang binata.

“Clara, sabihin mo kay Manang Rosa, maghain para sa dalawang tao.”

“Ah eh, h-hindi na ho….” Nagulat si Conner sa sarili dahil nagpakita siya ng galang sa taong noong isang araw lang ay sinisigaw-sigawan niya. Nalito siya kung ano ang itatawag sa matanda.

Si Lorenzo man ay nabigla sa magalang na tono ng pananalita ng binata. *Mukhang naiimpuwensyahan na yata ng anak ko ito nang hindi niya nalalaman, ah.*

Ang ngiti ng matandang lalaki sa kaharap ay abot hanggang sa mga mata nito. “Yaman din lamang na magiging manugang na kita, ‘Daddy’ na lang ang itawag mo sa akin. Iyon ay kung okay lang sa ’yo na tawaging ganoon ang subordinate mo.”

Walang malay gawin o sabihin si Conner, marahang tango na lang ang naitugon niya rito. Nahihiya siya nang maalala ang naging pakitungo niya sa nakatatandang lalaki noong nakaraang linggo. Mas gugustuhin pa siguro niya na bastusin siya nito o hindi pansinin ngunit ang pakitaan pa

siya ng maganda sa kabila ng panggigipit niya ay hindi yata kakayanin ng konsyensya niya.

"Sa bahay na lang ho ako kakain," pagdadahilan ni Conner. "Sige ho, mauuna na ako."

"Nonsense!" turan ni Lorenzo. "Dito ka na kumain. Pareho kayo ng papa mo; alam ko kung paano kayo magpakasubsob sa trabaho. Kung minsan ay nakakaligtaan na ng papa mong kumain lalo na kapag may pinagkakaabalahang bagong plano na gustong i-execute. Sa tingin ko ay ganoon ka rin."

Matipid na ngiti ang itinugon ni Conner rito. Paano ba siya tatanggi?

Saglit siyang nalungkot nang maalala ang yumaong ama. Katulad din kasi iyon ng ama ni Lauren, maaalalahanin din at maunawain.

Nagkuwentuhan ang dalawang lalaki habang kumakain ng hapunan. Nalaman nila na pareho pala silang mahilig maglaro ng board games. Inanyayahan siya ng nakatatandang lalaki na mag-chess sa study pagkatapos nilang kumain.

TININGNAN ni Lauren ang digital alarm clock sa side table ng kama niya, nakahinga siya nang

maluwag nang makitang dalawang oras na ang lumipas mula noong pababain niya ang kasambahay.

Good riddance! Kahit araw-arawin pa ng Conner na iyon ang pagpunta roon, hindi siya mauubusan ng excuse!  Kumalam na ang sikmura niya sa gutom kaya nagpasya na siyang bumaba at manginain sa kusina.

Nakita niya mula sa maliit na puwang sa ilalim ng pinto ng study na bukas ang ilaw roon.

*Si Daddy talaga… Ano na naman kaya ang pinagkakaabalahan n'un?*

Pinihit niya ang doorknob at marahang tinulak pabukas ang pinto. Bumungad sa kanya ang amang nasa harap ng chess board.

"Dad! Talaga bang bored ka na at pati sarili mo ay kinakalaban mo sa chess? Sana hindi kayo nagpang-abot noong halimaw na si Conner. Kapal din ng mukha noong isang iyon, pumunta pa dito ha!" tuluy-tuloy na sabi niya; hindi pinapansin ang nandidilat na mga mata ng ama.

"Nagpang-abot ang daddy mo at ang halimaw na sinasabi mo kaya naglalaro kami ng chess ngayon. I guess naka-recover ka na sa LBM mo," sabat ni Conner mula sa likuran niya habang gumagawa ng

invisible na quotation marks gamit ang mga daliri nang sabihin ang 'LBM'. Kagagaling lamang nito sa rest room na nasa pagitan ng study at living room.

Kahit galit pa rin sa binata ay napahiya ang dalaga na nahuli siya nitong nagsisinungaling. Hinarap niya ang buwisita at inismiran ito para ikubli ang pagkapahiya.

"I just came here to say goodnight to my dad. Saka, ano ba ang pinakain mo sa daddy ko at nakuha mo siyang kumbinsihin to let you stay?"

Tumaas ang gilid ng bibig ng lalaki. "Actually, it's the other way around; ako ang pinakain ng daddy mo and then, he asked me to play chess with him. It seems you didn't inherit your dad's courteousness."

Magsasalita pa siya dapat ng maaanghang na salita para ibalik sa lalaki, ngunit noong sandaling iyon pa napiling mag-ingay ng kumakalam niyang sikmura.

Isang pilyong ngiti ang sumilay sa labi ni Conner. Nagtakip ito ng ilong. "I see, you still have LBM, nakaka-turn-off naman! Sana naman bago ka nagpakawala ng masamang hangin, pumasok ka muna sa bathroom. It's just a few steps away."

"You… You incorrigible jerk! That was my

stomach! Wala pa akong kinakain since I had lunch, thanks to you!" namumula sa inis at pagkapahiya na singhal ni Lauren.

"Bakit dala ko ba ang kaldero at hindi ka makakain?" pamimilosopo ng binata.

Masayang pinagmasdan lamang ni Lorenzo ang bangayan ng dalawa. Nakikita nito sa mukha ng binata na naaaliw ito sa pagtatalo nilang iyon.

"Hindi ako makakain dahil bago pa ako makapag-dinner nandito ka na, and you left me no choice kundi magkulong sa kuwarto ko."

"Aha!" bulalas ni Conner. "Talaga palang sa bibig nahuhuli ang isda," he said triumphantly. Nalaman man nitong pinagtaguan ito ng mapapangasawa ay natawa lang ang binata sa ginawa nito sa halip na magalit.

Tumingin ito sa wrist watch na suot. "Sige po, Dad, saka na lang natin ituloy ang game natin. Medyo late na at may flight pa ho ako bukas ng umaga."

Nandilat ang mga mata ni Lauren nang marinig kung ano ang itinawag ng binata sa matanda. Ibinaling niya agad ang tingin sa ama.

Mabilis siyang hinalikan ni Conner sa noo at

tinanguan ang magiging biyenan, saka naglakad na patungo sa pinto.

KINABUKASAN ay nakatanggap si Lauren ng tawag sa cellphone mula kay Conner.

"Hi, I'm on my way to the airport. I'll be in California for the next two weeks—"

"Eh, ano naman sa akin ngayon? I'm not yet your wife so wala akong paki kung saang lupalop ka pa magpunta. At kahit kasal na tayo, don't bother telling me your whereabouts. You can go to hell and never return for all I care," putol niya sa susunod pa sanang mga sasabihin ng binata.

*Ano ba itong nangyayari sa akin? This guy brings out the worst in me.* Kahit kailan hindi pa siya naging ganito kamaldita sa kahit sino.

Napabuntong-hininga ang lalaki; pinili nitong hindi patulan ang mapapangasawa. "Lauren, doon na ako bibili ng wedding gown mo. Mayroon ka bang specific style na gusto?"

"Ikaw din lang naman ang nagpasya na magpapakasal tayo, bakit hindi na lang ikaw ang mamili ng gown? Kung gusto mo, ikaw na rin ang

magsuot! Pero kung mapilit ka, ang gusto kong design 'yung angkop para sa burol. Iyon naman ang pakiramdam ng taong ikakasal sa 'yo, eh," matigas na tugon niya.

Natutukso nang sumuko si Conner. Nauubos na ang pasensya niya sa babae. Ni hindi ito tumulong sa pag-aasikaso ng kasal nila.

"Sige na, I'm driving. Baka matuluyan pa ako at sa burol ko nga maisuot ang gown na bibilhin mo."

Binabaan na niya ng telepono ang binata. Agad naman siyang inusig ng konsyensya.

She had been very cruel to him, how could he stand that kind of treatment? Kung si Jeffrey iyon, baka pina-cancel na noon pa ang kasal nila.

Doon niya napagtanto na para sa taong inagawan ng mapapangasawa, masyadong kalmado ang reaksyon ni Jeffrey. Bukod sa pagkuyom ng palad at pagsiklab ng galit sa mga mata nito noong kausapin niya ito para makipag-break at sabihan tungkol sa nalalapit na kasal nila ni Conner de Silva, wala na itong ibang reaksyon.

Disappointed siya; tila kasi okay lang sa dating nobyo na hindi matuloy ang kasal nila.

# 4

Mula sa top floor ng *Linden Suites* ay naiinip na tiningnan muli ni Conner ang relo niya. Sampung minuto na lamang ay magsisimula na ang kasal ngunit wala pa si Lauren sa venue.

Sa kagustuhan ni Lauren ay hindi sila sa simbahan ikinasal. Ayon sa babae, sacrilege daw ang magpakasal sila sa altar gayong wala namang pag-ibig na namamagitan sa kanila.

Tatlumpo lamang silang nasa pagdiriwang na iyon, mas mabuti na raw na kaunti lang ang nakakaalam tungkol sa 'suicide' nito.

Napansin na rin ng judge, na isa sa kaibigan ng papa niya, ang pagkabalisa niya.

"Conner, may problema ba? Bakit wala pa dito ang mapapangasawa mo?" usisa nito.

Napakamot si Conner sa ulo at mabilis na nagdahilan, "Ah, baka nagkaproblema ho sa pag-aayos niya. Alam n'yo naman ang mga babae. Sandali lang ho at titingnan ko muna."

Habang nasa elevator ay natabunan ng takot

para sa dalaga ang pagkainis niya sa hindi nito pag-akyat sa venue nang maaga. Baka kung ano na ang ginawa nito sa sarili.

*I won't be able to forgive myself if anything happens to her.*

Sunud-sunod na pindot ang ginawa ni Conner sa doorbell ng suite kung saan naghahanda si Lauren para sa kasal nila. Walang ibang naroon kundi si Lauren at ang kasambahay nitong si Clara dahil ayaw nito ng video coverage para sa kasal nila. Ayaw umano nitong maalala ang magaganap sa araw na iyon.

Pinagbuksan siya agad ng dalagitang maid.

"Nasaan ang ate mo?" tanong niya. Lalo siyang kinabahan nang makita ang takot sa mukha ng kaharap.

"'Andoon po, Kuya..." Halata sa tinig ni Clara ang pag-aalinlangan habang naglalakad patungo sa dresser na malapit sa pinto ng banyo.

Napalitan ng galit ang pag-aalala niya nang makita ang babae na nakasuot ng itim na bestida, gaya ng isinusuot ng mga nagluluksa.

"Clara, lumabas ka muna," nanggigigil na utos

niya.

Tumalikod ang pinagsabihan kahit na nag-aalala para sa amo.

“Clara! Dito ka lang.” Napatigil ang maid sa paghakbang nang marinig ang tinig ni Lauren.

“Sabi ko, iwanan mo muna kami.”

Tiningala ng kasambahay ang groom. Nanlalaki ang butas ng matangos na ilong nito at nagngangalit ang mga bagang.

Tumalikod itong muli sa takot at humakbang nang isa patungo sa kinaroroonan ng pinto.

“Clara, sa akin ka makinig!” Ibinaling ng babae ang tingin sa amo na nakaupo sa harap ng dresser at hindi natitinag sa kabila ng masamang tingin dito ng lalaki sa salamin.

“Sige, Clara, makinig ka sa ate mo at manood ka sa gagawin ko sa kanya kapag hindi siya nagpakatino.”

Napanganga ang dalagita. *Naku, ano naman kaya ang gagawin ni Sir kay Ate?* hintakot na naisip nito. *Hindi naman niya siguro pipilipitin ang leeg at pagkatapos ay isusunod ako. Si Ate naman kasi, eh… kung bakit naman kung anu-ano ang pinaggagagawa!*

"Bakit, pagbubuhatan mo ako ng kamay? Sige, subukan mo and we'll see who's going to end up in prison," Lauren said defiantly.

"Get up! Magbihis ka. Kanina pa tayo hinihintay ng judge at ng mga bisita." Magkasalubong na ang mga kilay ni Conner.

"No! We either get married with me wearing this or we don't get married at all!"

Napasinghap si Clara nang hawakan ng lalaki ang braso ng amo at hinatak ito para mapilitang tumayo.

*Ate, magbihis ka na! Baka maging laman ka ng diyaryo bukas!* gustong isigaw ng katulong. Ngunit umurong yata ang dila nito dahil sa takot.

Inilapit ng binata ang mukha kay Lauren. "You listen to me and you listen well. For the past month, I've tried to put up with your childish behavior. But embarrassing me in front of other people is a different story. Magbihis ka dahil kung hindi, ako mismo ang maghuhubad niyang suot mo sa harapan ni Clara and I assure you hindi mo magugustuhan kung paano ko gagawin iyon."

Ayaw nang subukan ni Lauren kung kaya ngang gawin ng binata ang banta nito. Inalis nito ang

mahigpit na pagkakakapit ng kamay sa braso niya at pilit na nilagyan ng dignidad ang tinig niya.

"Fine! I'll wear the damn thing. Baka naman puwedeng lumabas ka na."

He grunted, "I knew you'd see it my way. I'll be waiting outside. At kung hindi ka pa lumabas within five minutes, I'll come barging in and I will drag you if I have to."

NAGMISTULANG hardin sa dami ng flower arrangements ang isang bahagi ng rooftop ng hotel.

The sun had just started to set and the color of the sky was divided into layers of purple, pink and yellow. Watching it from where she stood with all the flowers around her calmed Lauren's nerves.

*This would have been perfect kung hindi sana si Conner ang mapapangasawa ko.*

Sa mga sandaling tumigil siya roon ay naglakad na pala ang lalaki papunta sa unahan kung saan nakatayo ang judge. Nilapitan siya ng ama at kinuha ang dalawang kamay niya.

"Anak, this is it. I truly wish for you to be happy," masuyong anito.

She choked back the tears that threatened to fall. She did not dare say a word; alam niyang hindi rin niya kakayaning magsalita. She squared her shoulders and held her head high. Tumama ang paningin niya sa lalaking naghihintay sa kanya.

Ngayon lamang nagkaroon ng panahon si Conner na pagmasdan ang babaeng papalapit sa kanya mula nang magbihis ito ng damit-pangkasal.

Simple lang ang gown, puti at yari sa chiffon na tila walang katapusan ang haba. Empire cut iyon na may tatlong maliliit na straps na magkakatabi sa isang balikat. Habang hubad ang makinis na balat ni Lauren sa kaliwang balikat nito. He was completely mesmerized, he searched her eyes to see if there was any hope that this could turn into a real marriage.

Her heart skipped a beat at what she saw. Noong mga sandaling iyon ay halos malimutan na niya na pinilit lang siyang magpakasal. The look of longing in Conner's eyes broke through her defenses. Gone was the evil man who blackmailed her into marrying him, in his place was a handsome prince clad in a starch white polo, silk navy blue tie, a black formal coat and tailored pants. Ang tingin na ibinigay nito sa kanya ay halos tumunaw sa yelong bumalot sa puso niya mula nang malaman niya ang kondisyon

nito para hindi makulong ang kanyang ama. Without the smugness that she expected from Conner, she felt like a cherished bride.

Because of that, nalimutan niya ang pinagkaplano niya kanina habang nagpapalit siya ng damit: na tanging hostility lamang ang makukuha nito mula sa kanya sa buong wedding ceremony. Hindi niya napigil na ngitian ang kanyang makisig na groom. Mukhang namatanda naman ito dahil doon.

ANG MGA BAGONG KASAL ay muli nang nasa silid kung saan natulog ang dalaga isang gabi bago ang kasal nila.

Tapos nang mag-shower si Lauren. Suot ang isang silk nightgown na pinatungan niya ng roba ay ninenerbyos na naupo siya sa silya sa tapat ng coffee table.

Binuklat niya ang libro ni John Grisham na hawak at sinubukang kalmahin ang sarili sa pamamagitan ng pagbabasa.

Halos maihagis niya ang paperback sa gulat nang marinig niyang bumukas ang pinto ng bathroom. Napalunok siya at tila kakapusin ng hininga sa nararamdamang kaba.

Pinagmasdan ni Conner ang asawa, nakaramdam siya ng lungkot sa anyo nito. Bakas sa mukha nito ang takot. He could see the rapid rise and fall of her chest as though someone was chasing her.

*Ano ba naman itong pinasok ko? Pinakasalan ko ang isang babae na ang tingin sa akin ay isang halimaw…*

Napabuntong-hininga siya bago naglakad palapit sa asawa. Marahan niyang ipinatong ang kamay sa balikat nito.

She flinched. At parang dinurog ang puso ng lalaki. She must really hated her so much para maging ganoon ang reaksyon sa hawak niya. Considering na tela ng robang suot nito ang tanging nadantayan ng kamay niya.

"Lauren, I will not force you to do anything you don't want to do. We will not consummate this marriage unless you're ready. Hindi ako rapist, obvious naman na you don't want me to touch you so I won't." Hindi niya gustong lumabas ang galit sa sarili at frustration sa boses niya, pero iyon ang nangyari.

Sa tono ng pananalita ng asawa ay nawala ang kaba ni Lauren, wala na ang delightful feeling na

dulot ng romantic setting ng kasal nila kani-kanina lang at mabilis na nanumbalik ang inis niya sa lalaki.

"Since when did you consider what I want? Lahat naman ng gusto mo nasusunod, hindi ba? Why don't you take me now and get this over with?"

Napaatras ang lalaki sa tinuran ni Lauren. Bakas sa mukha ng asawa ang sakit na dulot ng mga salita niya. Pero hindi niya iyon babawiin. Mas matindi ang sakit na dinala nito sa kanya—at kay Jeffrey.

Isang malapit niyang kaibigan na dumalo sa kasal ang nagbalita na ilang araw na hindi lumabas ng bahay ang dati niyang nobyo matapos siyang makipaghiwalay rito. Malamang, naglalasing ito ngayon at nagdurusa.

At ang lalaking kaharap niya ngayon ang may sala sa lahat ng iyon.

Ipinikit ni Conner ang mga mata at humugot ng malalim na hininga.

"What? At a loss for words?" sarcastic na untag niya sa asawang hindi kumikibo. "You forgot how sex is done? Here let me help you." Marahas na hinubad niya ang robang suot.

Desire flared in Conner's eyes upon seeing

Lauren's exposed flesh that the flimsy satin nightgown failed to conceal. Nalimutan nito ang hinanakit, parang hindi rin nito narinig ang mga insultong kabibitiw pa lang niya. Masuyong hinagod ng isang kamay nito ang kanyang balat.

She held her breath at the exquisite sensation she felt when Conner's hands gently glided up and down her arms.

Itinaas nito ang baba niya at tinitigan siya. Para siyang tinutunaw ng init sa mga mata ng lalaki. Hinagkan nito ang mga labi niya.

"Kiss me back, Lauren," he whispered huskily.

Parang naengkanto siya sa tinig ng asawa. She kissed him back and took the pleasure of hearing him moan in delight when her tongue tangled with his.

Ibinaon ni Lauren ang mga daliri sa basa pang buhok ni Conner habang pinaliliguan ng halik ng huli ang leeg niya. Walang pagtutol na namutawi sa bibig niya nang hawiin ng lalaki ang tirante ng nightgown niya. Naramdaman na lamang niya ang makinis at malambot na tela na humahaplos sa buong katawan niya hanggang sa tuluyan na itong mahulog sa paanan niya.

Pinangko siya ng asawa at inihiga sa kama. Kitang-kita niya sa mga mata nito ang matinding pagnanasa, kasama ng pagpipigil sa sarili na angkinin siya kaagad, sa kabila ng pangangailangan nito sa kanya.

His hands caressed every inch of her flesh lovingly and Lauren felt her need for him building up inside her with each passing moment. The gentle way that he kissed her tummy, her breasts and her shoulders proved to be her downfall. Tila nalimot niya lahat ng pangit na isipin tungkol sa lalaki at ang tanging naging mahalaga sa kanya ay ang pangangailangan nila sa isa't isa.

She pulled his face toward her and passionately kissed his lips. Groaning deep in his throat, he responded with the same fevered manner.

Tinitigan ni Conner ang mga mata ng asawa. He could not believe the burning passion he saw in her eyes.

"I've always known since the first time we kissed, that it would be like this, Lauren," anas niya. "If you'll just let me, I promise to please you in every way I can."

Pagkasabi niya niyon ay biglang nagbago ang

anyo ng asawa. Agad niyang pinagsisihan ang mga nabitiwan niyang salita. He should not have mentioned their first kiss—that was the same kiss that led them to this forced marriage.

Resentment was written all over her face, nang maalala iyon.

“Don’t flatter yourself, Conner. The only reason I’m responding to you the way I do instead of throwing up, is because I somehow managed to deceive myself that it’s Jeffrey who’s touching me,” she said scathingly.

Naked pain slashed across his face. Her words accomplished what no woman ever had, she drove him mad with jealousy. He was enraged with the humiliation she subjected him to. He was consumed by fury and pain that he never knew he was capable of feeling.

Galit na hinaltak niya ang tuwalyang nakatapis sa sariling baywang at sa nanggigigil na tinig ay sinabing, “Tingnan mo ang mga mata ko, Lauren, at tandaan mong maigi na simula ngayon, ako lang at hindi kung sinuman ang aangkin sa ’yo!”

Sa dami ng ginawa nito sa kanya, ngayon lamang nakaramdam ng gayong pagkapoot si

Conner. Nagngangalit ang mga ugat niya sa leeg.

Fueled by fury, he drove himself fully into her. Punishing her, just as she was punishing him for loving her too much. Ang tili ng babae ang nagpahinto sa kanya. Nahigit niya ang paghinga habang manghang nakatitig sa asawa. Her lovely face contorted in pain while tears streamed down her cheeks. His surprise was soon replaced by soul-deep guilt.

He was filled with self-loathe upon realizing that he had brutally taken her virginity. Gaano man kasakit ang ginawa nito at sinabi, she did not deserve to be punished this way.

Hindi pumasok sa isip ni Conner minsan man na birhen si Lauren, given the way she kissed him back and responded to his touch without any inhibition.

Agad na nagdugo ang kamay niya matapos niyang suntukin ang pader. Galit na galit siya sa sarili dahil sa nagawa niya. Kung hinayaan niya na lang na matuloy ang kasal ni Lauren sa lalaking mahal nito, kahit pa babaero iyon, hindi nito dadanasin ang kalupitang ginawa niya.

Sinulyapan niya ang asawa. Hindi pa rin ito gumagalaw, patuloy lamang ang pagdaloy ng luha mula sa mga mata nito. Muli niyang itinapis ang

tuwalya sa baywang at dahan-dahang naupo sa gilid ng kama, hinawakan niya ang balikat ng babae.

"Lauren, I—"

"Don't touch me, you monster! The next time you lay a finger on me, I swear I'll sue you for marital rape," banta nito sa malamig na tinig.